# ANG TEMPLO





*"Ipinapangako ko sa inyo na ibibigay ng Panginoon ang mga himala na alam niyang kailangan ninyo habang nagsasakripisyo kayo upang maglingkod at makasamba sa Kanyang mga templo.*

— Pangulong Russell M. Nelson



## Bakit May mga Templo?

Simula sa panahon ng Lumang Tipan, iniutos ng Panginoon sa Kanyang mga tao ng tipan na magtayo ng mga templo. Nang ipinanumbalik Niya ang Kanyang Simbahan, muling iniutos ng Panginoon sa propetang si Joseph Smith na magtayo ng mga templo.

Sa templo, makatatanggap ng espesyal na pagpapala at kapangyarihan mula sa Diyos.

Isa sa mga pinakadakilang pagpapalang makukuha sa mga templo ay ang mabuhay nang walang-hanggan kasama ng Diyos at ng ating pamilya. Upang matanggap ang pagpapalang ito, dapat sundin ang Kanyang mga kautusan. Ginawa itong posible ng sakripisyo at kapangyarihan ni Jesucristo. Maaaring maging katulad ni Jesucristo habang gumugugol ng oras sa templo at sumusunod sa Kanyang halimbawa.

## Mga Tipan at Ordenansa

Sa mga templo, isinasagawa ang mga tipan habang nakikibahagi sa mga ordenansa upang tulungang makasulong sa buhay.



1836 PAGLALAAN NG KIRTLAND TEMPLE

Ang tipan ay isang pangakong ginagawa sa Diyos. Ang tipan ay isang banal na seremonyang ginagawa nang may awtoridad ng priesthood ng Diyos. Nakatutulong ang mga ordenansa na maunawaan at matandaan ang mga ginagawang tipan.

Sa templo, nakikipagtipan ang mga miyembro ng Simbahan na susundin ang mga utos ng Diyos. Nangangako Siya ng mga pagpapala sa mga tumutupad ng tipan.

Sa templo lamang makagagawa ng mga tipan at makatatanggap ng mga ordenansang kailangan upang dakilain sa selestyal na kaharian. Ang pakikibahagi sa mga ordenansa sa templo ay isang napakaganda at mahalagang bahagi ng pangakong sundin si Jesucristo. Mahalaga rin ito habang naghahanda na makabalik muli sa piling Niya at ng ating Ama sa Langit balang araw.

## Paano Ko Dapat Ihanda ang Aking Sarili?

Marami kang magagawa upang maghanda para sa templo. Halimbawa, dapat mong mapanalanging pag-aralan ang ebanghelyo ni Jesucristo at ipamuhay ang Kanyang mga turo. Kailangan mo ring tapat na ipamuhay ang mga banal na pangakong isinagawa mo na, tulad ng mga tipan mo sa binyag.

Ang binyag ang unang ordenansa ng ebanghelyo. Ito ay isang hakbang na kailangan sa iyong landas ng tipan pabalik sa Diyos. Matapos ang binyag, tatanggapin mo ang pagpapala ng Espiritu Santo, sa pamamagitan din ng iba pang ordenansa. Naipapaalala sa iyo ang mga tipang ginawa mo habang ikaw ay tumatanggap ng sakramento bawat linggo. Kabilang sa iba pang mahahalagang ordenansa ng ebanghelyo ang maorden sa Melchizedek Priesthood (para sa kalalakihan), pagtanggap ng endowment sa templo, at mabuklod sa templo (maging sa buhay na ito o sa kabilang-buhay).

Ang mga sagradong ordenansa at tipan sa priesthood na ito ay nagdudulot ng napakalaking pagpapala na ibinibigay ng Ama sa Langit sa Kanyang mga anak—ang pagkakataong mamuhay na



PAGLALARAWAN NG BAUTISMUHAN NG YIGO



muli sa piling Niya at ng ating mga pamilya matapos ang buhay na ito sa mundo.

## Binyag at Kumpirmasyon para sa Iba

Itinuro ng Tagapagligtas na ang binyag at kumpirmasyon ay napakahalaga. Lahat ng taong nagnanais na sundin Siya at bumalik sa ating Ama sa Langit ay dapat na mabinyagan at makumpirma. Tulad ng sinabi ni Jesus kay Nicodemo: "Malibang ang isang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos." (Juan 3:5).

Ang ibig sabihin ng "ipanganak ng tubig" ay mabinyagan, at ang "ipanganak ng Espiritu" ay pagtanggap ng kaloob na Banal na Espiritu sa pamamagitan ng kumpirmasyon.

Nang ipinanumbalik ng Tagapagligtas ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, itinuro Niya na kinakailangan pa rin ang binyag. Itinuro din Niya na ang binyag ay dapat isagawa ng taong may wastong awtoridad ng priesthood.

### MAHAL NG DIYOS ANG LAHAT NG KANYANG ANAK

Ang bawat tao ay anak ng Diyos. Lahat ay mahalaga sa Kanya. Kilala Niya at mahal Niya ang mga ito. Maraming tao ang may pagkakataong tanggapin ang ebanghelyo at mabinyagan habang buhay pa sila. Ngunit paano yaong mga pumanaw nang hindi nabinyagan o nakilala si Jesus? O yaong mga nabinyagan nang walang nararapat na awtoridad? Paano rin sila maliligtas? Hindi sila nakakalimutan ng Diyos!

Sa templo, maaaring magawa ang mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon para sa mga yumao na walang pagkakataong tanggapin ang ebanghelyo. Ang ordenansang isinagawa para sa iba ay tinatawag na ordenansa sa pamamagitan ng proxy (o ordenansa para sa iba).

Ang mga binyag at kumpirmasyon sa templo na isinagawa

para sa mga pumanaw ay mga kaloob na ibinigay nang may pagmamahal.

Naniniwala ang mga miyembro ng Simbahan na nagpapatuloy ang buhay matapos ang kamatayan at ang personal na kalayaan ay isang pangwalang-hanggang alituntunin. Naniniwala rin sila na yaong mga pumanaw ay batid ang mga ordenansa na isinagawa para sa kanila at maaaring piliin kung tatanggapin nila ito.

### ANG YOUTH AT MGA BAGONG MIYEMBRO AY MAAARING MAKIBAHAGI

Ang mga young women at mga young men na naordenan ay maaaring tumanggap ng temple recommend simula sa Enero ng taon kung kailan sila magiging 12 taong gulang. Pinahihintulutan sila ng recommend na ito na makapunta sa templo upang magsagawa ng mga binyag at kumpirmasyon para sa mga pumanaw na. Ang mga adult na bagong miyembro ay maaari ding tumanggap ng temple recommend.

Ang mga binyag at kumpirmasyon para sa iba ay maaaring gawin para sa mga magulang, lolo at lola, kapatid, tiya, tiyo, pinsan, at iba pa.

Maaaring palakasin ang mga pamilya sa pamamagitan ng gawaing ito ng kabutihan. Makadarama ka ng mas malalim na ugnayan sa iyong mga pamilya at pagiging malapit sa Diyos. Ang madamang kabilang ka ay makapagbibigay sa iyo ng lakas, direksyon, at kumpiyansa. Pagpapalain ka nito sa napakaraming paraan.

## Endowment sa Templo

Ang ibig sabihin ng salitang endowment ay "kaloob." Ang endowment sa templo ay isang ordenansa kung saan ibinibigay sa iyo ng Diyos ang mga banal na pagpapala. Ang mga ito ay mga kaloob na tanging Siya lamang ang makapagbibigay. Ang endowment ay matatanggap lamang sa Kanyang banal na templo.



PAGLALARAWAN NG SELESTYAL NA SILID NG YIGO



PAGLALARAWAN NG SILID-BUKLURAN NG YIGO

Ang pagtanggap mo ng endowment sa templo ay isa dapat sa pinakabanal na mga kaganapan ng iyong buhay. Maraming miyembro ng Simbahan ang tumatanggap ng kanilang endowment bago magmisyon o bago magpakasal. Ang iba naman ay may malakas na pagnanais na sumulong sa landas ng tipan. Mahalagang malaman na ang iyong endowment ay isang mahalaga at maluwalhating bahagi ng iyong walang hanggang paglalakbay.

Ang ilan sa mga kaloob na matatanggap mo sa pamamagitan ng endowment sa templo ay:

- Higit na karunungan ukol sa mga layunin at itinuturo ng Panginoon.
- Lakas na gawin ang lahat ng nais ng Diyos na gawin mo.
- Banal na gabay at proteksyon habang naglilingkod ka sa Panginoon, sa iyong pamilya, at iba pa.
- Dagdag na pag-asa, kapanatagan, at kapayapaan.
- Mga ipinangakong pagpapala ngayon at magpakailanman.

Mangyari pa, ang lahat ng napakagandang pagpapalang ito ng endowment ay depende sa kanilang katapatan.

Dahil ang mga ordenansa at tipan sa templo ay banal at may pangwalang-hanggang kahalagahan, nararapat lamang na maging karapat-dapat ang mga miyembro. Dapat ay nauunawaan din nila ang mga taimtim na responsibilidad na kanilang tatanggapin habang isinasagawa nila ang mga tipan sa Diyos.

## Pagbubuklod sa Templo

Matatagpuan sa isang mapagmahal na pamilya ang pinakamalaking kasiyahan sa buhay. Kailangang pagsikapan ang matibay na ugnayan ng pamilya. Ngunit ang gayong pagsisikap ay makapagdudulot ng malaking kaligayahan sa buhay na ito at sa kawalang hanggan. Maging sa mga pamilya kung saan

ang mga ugnayan ay dumaranas ng pagsubok at kawalang-katiyakan, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay nagbibigay ng pag-asa, kapanatagan, at paghilom. Sa plano ng kaligayahan ng ating Ama sa Langit, maaaring makasama ng mag-asawa ang kanilang mga mahal sa buhay nang walang hanggan.

Ang awtoridad na pag-isahin ang mga pamilya nang walang hanggan ay tinatawag na kapangyarihan ng pagbubuklod. Ito ang parehong kapangyarihan na ibinigay ni Jesucristo sa Kanyang mga Apostol noong Kanyang ministeryo sa mundo (tingnan sa Mateo 16:19). Sa gayon ay tinatawag na pagbubuklod ang kasal na walang hanggan. Ang mga anak na ipinanganak o inampon sa gayong mga kasal na walang hanggan ay maaaring mabuklod sa kanilang pamilya sa kawalang-hanggan. Hindi tulad ng mga kasal na nagtatagal lamang "hanggang kamatayan," ang mga pagbubuklod sa templo ay nagtitiyak na hindi magagawang paghiwalayin ng kamatayan ang mga mahal sa buhay.

Ang mag-asawa na pinagbuklod sa templo ay gumagawa ng mga banal na tipan sa Panginoon at sa bawat isa. Ang mga tipang ito ay tumitiyak sa kanila na ang kanilang ugnayan ay magtatagal hanggang sa kabilang buhay kung tapat sila sa kanilang mga pangako.

Mahalaga rin ang tipan ng walang-hanggang kasal para sa kadakilaan. Ang kadakilaan ay buhay na walang hanggan—ang uri ng buhay na ipinamumuhay ng Panginoon. Taglay ng Diyos ang lahat ng kaalaman, lahat ng kapangyarihan, at lahat ng karunungan. Siya ay mabait, mahabagin, at maawain. Ang kadakilaan ay nangangahulugan na balang-araw ay maaari tayong maging tulad Niya. Ibig sabihin nito ay maaari tayong mamuhay sa pinakamataas na antas kasama Niya sa selestyal na kaharian. Ito ang pinakadakilang handog na maibibigay ng Ama sa Langit sa Kanyang mga anak.

Batid din ng Panginoon na hindi lahat ng kanyang anak ay may pagkakataong makapag-asawa sa buhay na ito. Nangangako



Siya na lahat ng tatanggap ng ebanghelyo at tutuparin ang kanilang tipan ay magkakaroon ng pagkakataong magpakasal at magkaroon ng mga anak, dito man sa buhay na ito o sa kabilang buhay.

Upang maigawad ang mga pagpapalang ito sa lahat ng tao, ang mga buhay pa ay makagagawa ng pagbubuklod na proxy para sa mga pumanaw na. Lahat ng pamilya ay mabubuklod sa kawalang-hanggan. Tulad ng lahat ng ordenansa para sa iba, ang mga pagbubuklod na ito ay magagawa lamang sa templo.

## Temple Recommend

Ang pagpasok sa templo ay isang sagradong pribilehiyo. Dahil ito ay tahanan ng Panginoon, Siya ang nagtatakda ng mga pamantayan para sa mga maaaring pumasok at makibahagi sa mga ordenansa sa templo. Sa pamamagitan ng interbyu para sa temple recommend, pinapatunayan ng mga miyembro na sila ay nagsisikap na maabot ang mga pamantayan ng Panginoon. Sa interbyu, tatanungin ang mga miyembro ng mga tanong na nakalista sa pahina 16.

Ang mga adult na naging miyembro nang hindi bababa sa isang taon ay maaaring tanggapin ang kanilang temple endowment at mabuklod. Dalawang interbyu ang kailangan upang tumanggap ng temple recommend para sa mga ordenansang ito. Una ay interbyu mula sa kanilang bishop (o branch president) at pagkatapos ay sa kanilang stake president o mission president.

Ang mga bagong miyembro at mga youth mula 11 taon ang edad pataas ay maaari ding tumanggap ng temple recommend sa pamamagitan ng interbyu mula sa isang miyembro ng bishopric (o branch president). Pinapahintulutan sila nito na makibahagi sa mga binyag at kumpirmasyon sa templo.

### MGA TANONG SA TEMPLE RECOMMEND

- May pananampalataya at patotoo ka ba sa Diyos Amang

Walang-Hanggan; sa Kanyang Anak na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo?

- May patotoo ka ba sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa Kanyang papel na ginagampanan bilang iyong Tagapagligtas at Manunubos?
- May patotoo ka ba sa Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo?
- Sinasang-ayunan mo ba ang Pangulo ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at bilang nag-iisang nilalang sa mundo na may karapatang gamitin ang lahat ng susi ng priesthood?
- Sinasang-ayunan mo ba ang mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag?
- Sinasang-ayunan mo ba ang iba pang mga General Authority at mga lokal na lider ng Simbahan?
- Sinabi ng Panginoon na lahat ng bagay ay "gawin sa kalinisan" sa Kanyang harapan (Doktrina at mga Tipan 42:41). Sinisikap mo bang gawing malinis ang iyong kaisipan at asal? Sinusunod mo ba ang batas ng kalinisang-puri?
- Sinusunod mo ba ang mga turo ng Simbahan ni Jesucristo sa mga ikinikilos mo sa pribado at publiko kasama ang mga miyembro ng iyong pamilya at ibang tao?
- Itinataguyod o tinatangkilik mo ba ang anumang mga aral, kaugalian, o doktrinang salungat sa mga itinuturo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw?
- Sinisikap mo bang panatilihing banal ang araw ng Sabbath, kapwa sa tahanan o sa simbahan; dumadalo sa iyong mga miting; naghahanda para sa at marapat na tumatanggap ng sakramento; at namumuhay nang naaayon sa mga batas at kautusan ng ebanghelyo?

- Sinisikap mo bang maging tapat sa lahat ng iyong ginagawa?
- Nagbabayad ka ba ng buong ikapu? Para sa mga bagong miyembrong naghahangad ng temple recommend: Handa ka bang sundin ang utos na magbayad ng ikapu?
- Nauunawaan at sinusunod mo ba ang Word of Wisdom?
- [Para sa mga adult lamang] Ikaw ba ay mayroong anumang pinansiyal na obligasyon o iba pang mga obligasyon sa dati mong asawa o mga anak? Kung mayroon, nagagampanan mo ba ang mga obligasyong iyon?
- [Para sa mga adult na endowed lamang] Tinutupad mo ba ang mga tipan na ginawa mo sa templo, pati na ang pagsusuot ng temple garment ayon sa itinagubilin sa endowment?
- May mabibigat na kasalanan ba sa iyong buhay na kailangang iresolba sa mga awtoridad ng priesthood bilang bahagi ng iyong pagsisisi?
- Itinuturing mo bang karapat-dapat ang iyong sarili na makapasok sa tahanan ng Panginoon at makilahok sa mga ordenansa sa templo?



## Bumalik nang Madalas sa Templo, Kung Posible

Ang oportunidad na pumunta sa templo ay isang malaking pagpapala. Pumunta nang madalas, kung kaya mo. Alamin pa ang tungkol sa plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak, damhin ang Kanyang Espiritu, at gawin ang mga ordenansa para sa iyong mga ninuno.

Tulad ng lahat ng ordenansang isinasagawa sa templo, yaong mga pumanaw na ay batid ang paglilingkod na ibinibigay mo. Maaari nilang piliing tanggapin ang anumang nagawa mo para sa kapakanan nila.

Ang pakikibahagi sa mga proxy na ordenansa sa templo ay nagtutulot din sa iyo na magkaroon ng pagkakataong marinig muli ang mga pagpapala, tagubilin, at mga tipan. Sa pamamagitan ng iyong mga karanasan sa templo, makikita mo pa ang mga paraan kung paanong ang plano ng kaligtasan ay nagpapala sa buhay mo at ng iyong mga mahal sa buhay. Ang iyong matututuhan at madarama ay magiging mas malinaw at mas mahalaga sa iyo sa paglipas ng panahon. Habang bumibisita ka, madarama mo ang pagmamahal ng Diyos at maipapaalala sa iyo kung ano ang pinakamahalaga.

## Maglingkod bilang Temple Worker

Ang mga temple worker ay mga miyembro na may temple recommend at nagboluntaryong maglingkod sa templo sa iskedyul na gusto nila.

Tumutulong ang mga temple worker sa mga miyembro na magawa ang kanilang gawain sa templo. Tumutulong din sila sa tanggapan ng templo o sa iba pang mga kinakailangan. Hindi binabayaran ang mga temple worker. Ang mga temple worker ay maaaring wala pang asawa o ikinasal na, matanda man o bata.

Kung nais mong maging temple worker, mangyaring makipag-usap sa iyong bishop o branch president.

THE CHURCH OF
JESUS CHRIST
OF LATTER-DAY SAINTS

© 2021 by Intellectual Reserve, Inc. All Rights Reserved.